

Ipinakilala ng Lungsod ang mga bagong digital tool para mapayagan ang pagpapasulong ng pagtatayo sa panahon ng COVID-19

BRAMPTON, ON (Abril 24, 2020) – Ipinakilala ng Lungsod ng Brampton ang inobatibong mga bagong proseso at tool sa departament nito na Planning and Development para mapayagan ang pagpapasulong ng mga proyektong pagtatayo (development) sa panahon ng COVID-19 pandemic, habang pinoprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga residente at mga empleyado.

Pwede na ngayong isumite ng mga developer sa electronic na paraan ang lahat ng development application, kabilang ang mga plano ng subdivision, rezoning at mga plano sa site, sa [website](#) ng Lungsod. Dahil ang tool na ito ay itinatag noong Marso 20, ang Lungsod ay nakatanggap ng 25 bagong development application. Nagawang iproseso ng Staff ang lahat ng application habang nagtatrabaho nang remote sa pamamagitan ng paggamit ng video conferencing software kasama ang mga stakeholder.

Simula Abril 20, ang mga application para sa mga permit sa residensyal na gusali ay maaari ring isumite nang electronic. Ang mga staff ng Building Division ay nagsasagawa ng mga pag-iinspeksyon sa okupadong mga gusali (kabilang ang mga ikalawang unit). Ang mga pagsusumite ng mas malaking Industrial, Commercial and Institutional (ICI) application ay magpapatuloy sa pamamagitan ng appointment lamang.

Nag-isyu ng pag-apruba ang staff para sa maraming development at patuloy na magtatrabaho sa sumusunod na kapansin-pansing mga proyekto sa panahon ng COVID-19 pandemic, kabilang:

- Ang mga pag-apruba ng tinatayang 22,000 square meter ng espasyo ng trabaho at 800 na panresidensyang unit.
- Ang Pinunong Building Official ng Lungsod ay naghatid ng building permit sa Maple Lodge Farms, isang proyektong lumilikha ng 250 bagong trabaho.
- Ang Shoppers World redevelopment (RioCan), na nagpapanukalang gawin ang site na bagong urban mixed-use na komunidad na may higit sa 5,000 panresidensyang unit.

Ang Lungsod ay nag-isyu ng 34 porsiyentong karagdagang permit sa Marso at Abril ng taon na ito kaysa kaparehong panahon sa 2019. Kabilang sa kapansin-pansing mga permit ang:

- Maple Lodge Farms – halaga ng konstruksyon \$2.5 milyon
- Shell, 6475 Mayfield Road – halaga ng konstruksyon \$2.95 milyon
- 17 Knightsbridge Road – halaga ng konstruksyon \$1.2 milyon
- 1 Knightsbridge Road – halaga ng konstruksyon \$500,000

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagsisikap ng Lungsod para suportahan ang komunidad bilang tugon sa COVID-19, bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19 o sundan ang @CityBrampton sa Twitter, Facebook at Instagram.

Mga Quote

“Bilang isang Lungsod na Pinapatakbo nang Mahusay, nananatili tayong committed sa pagpapasulong sa negosyo sa Brampton habang pinoprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad. Ang mga inobatibong prosesong ito at mga tool ay magpapahintulot sa atin na gawin ang dalawa – patuloy na isulong ang pagtayo sa ating lungsod at lumikha ng mga trabaho, at panatilihin ang paglayo mula sa iba sa panahon ng COVID-19 pandemic.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Habang sarado ang mga pasilidad ng Lungsod, ang Konseho at staff ay palaging nagsisikap na makapagbigay ng mga serbisyo sa alternatibong mga paraan para isulong ang negosyo. Ang mga bagong teknolohiya na ginagamit sa Planning Department ay epektibong maglilingkod sa mga negosyo sa Brampton, susuporta sa lokal na ekonomiya at papanatilihing ligtas ang staff at mga residente.”

- *Martin Medeiros, Panrehiyong Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Komite ng Planning and Development*

“Sa pokus sa kalusugan at kaligtasan, nananatili tayong nakapokus sa pag-unlad ng lungsod sa mahirap na panahong ito. Sa paghahanap ng mga bagong paraan sa pagbibigay ng mga serbisyo, ang Lungsod ng Brampton ay patuloy na pipiliing destinasyon ng mga developer.”

- *Pat Fortini, Panrehiyong Konsehal, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Komite ng Planning and Development*

“Nagkakaisa ang staff ng Lungsod ng Brampton sa ating dedikasyon na ihatid ang mga programa at serbisyo sa bago at ligtas na mga paraan sa mahirap na panahong ito. Ang mga proseso at mga tool na ipinakilala sa Planning Department ay magpapahintulot sa atin na paglingkuran ang pang-development na komunidad habang pinoprotektahan ang kalusugan at kabutihan ng staff at publiko sa panahong ito ng emergency.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca